7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal Univeristy- Mindanao)
- Ainie A. Wuani

**Tagasuri**:

- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University- Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph


**FILIPINO/ KUWARTER 1 / BAITANG 7**



| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Patula) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan ng (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at *comic book* na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | PAG-UNAWA AT PAGSUSURI SA MGA TEKSTONG NASUSULAT<br>**Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit kasanayang pang-akademiko**<br>Naipapaliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang estilo na nais iparating sa mambabasa<br>1. Nakikilala ang mahahalagang ideya at detalye sa akda<br>2. Naipapaliwanag ang mahahalagang ideya at detalye sa akda<br>**Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito - sanhi at bunga**<br>*1.* Natutukoy ang katangian ng isang tekstong ekspositori<br>2. Naiisa-isa ang bahaging sanhi at bunga sa tekstong ekspositori<br>3. Nasusuri ang tekstong ekspositori -sanhi at bunga<br>PAG-UNAWA AT PAGSUSURI NG TEKSTONG BISWAL<br>**Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento (estereotipo- kasarian, edad**)<br>1. Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa estereotipo<br>-kasarian at edad<br>PAGLIKHA AT PRESENTASYON NG TEKSTONG MULTIMODAL<br>**Nakabubuo ng isang imahen/larawan batay sa mga pangyayari at dayalogo na kinasasangkutan ng tauhan (batay sa tekstong multimodal)**<br>1. Nakalilikha ng imahe/larawan batay sa mga pangyayaring kinasangkutan ng tauhan |
| **C. Nilalaman** | Tekstong Ekspositori (sanhi at bunga)<br><br>Tekstong Biswal |

| D. **Integrasyon** | |
|---|---|

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| De Guzman, H. (2018) . Pagbuo ng mga elementong biswal https://www.slideshare.net/slideshow/pagbuo-ng-mga-elementong-biswal/86807996<br><br>Delish PH (2023) Paano Magluto ng Perfect at Beautiful na Sunny Side Up Egg https://www.youtube.com/watch?v=VwBtvTYdNjA |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| A. **Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Panoorin bidyo sa kung paano magluto ng *Sunny side up egg* https://www.youtube.com/watch?v=VwBtvTYdNjA. Pagkatapos mapanood ang bidyu ay ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing inihanda.<br><br>Isaayos ang mga hakbang sa "Pagluluto ng Sunny Side Up Egg". Lagyang ng bilang 1-5 upang matukoy ang pagkasunod-sunod nito batay sa bidyong napanood.<br><br>_________ Kumuha ng itlog at biyakin ito sa isang *bowl* bago ilagay sa kawali.<br><br>_________ Ihanda ang malinis na kawali at painitin ito sa apoy.<br><br>_________ Maglagay ng mantika sa kawali at seguruduing tama lang ang init nito.<br><br>_________ Hanguin ang itlog mula sa kalan pagkatapos nitong maluto.<br><br>_________ Lagyan ng kaunting asin ang itlog habang niluluto.<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Mga Tanong:<br><br>1. Tungkol saan ang bidyong napanood?<br><br>2. Ano ang kaugnayan nito sa nakaraang paksang tinalakay? | Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa nakaraang paksa na natalakay.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. 3<br>2. 1<br>3. 2<br>4. 5<br>5. 4 |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Panghikayat na Gawain**<br>Panuto: Dugtungan ang mga pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Dahil sa Covid 19 maraming kabataan ang…<br>2. Maraming kabataan ang nalululong ngayon sa *online games* bunsod nito…<br>3. Palibhasa'y maraming mga tao ang walang pakialam sa ating kalikasan kaya …<br>4. Resulta ng pagtitiyagang pumasok sa paaralan …<br>5. Dahil sa mga pangyayari sa lipunan maraming tao ang …<br><br>Itanong/Iproseso:<br>1. Ano ang sanhi? bunga?<br>2. Bakit mahalaga ang pagtukoy o pagkilala sa sanhi at bunga sa isang pahayag?<br>3. Paano makatutulong ang pagtukoy sa sanhi at bunga sa nagaganap sa paligid?<br><br>**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Panuto: Magpakita ng larawan ng mga bagay na may kapareha.<br><br><br>Itanong:<br>• Ano-ano ang mga larawang nakikita?<br>• Ano ang kapansin-pansin sa mga larawan?<br>• **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Gamit ang CONCEPT MAP, itala ang mga bagay na sinasabi ng kapwa mag-aaral ng salitang nasa loob ng bilog. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Panuto: Isulat sa grapikong presentasyon ang mga sinasabi ng kapwa mag-aaral sa salitang nasa loob ng bilog.<br>

<br>
Itanong:<br>
1. Ano ang social media?<br>
2. Mula sa naitalang pahayag, ano-ano ang dahilan ng paggamit ng tao ng social media?<br>
3. Ano naman ang bunga ng paggamit ng social media?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br>
Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Ekspositori (sanhi at bunga)<br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Ipabasa ang kasabihan. “Kapag may itinanim, may aanihin”<br>
Ipapaliwanag sa pamamagitan ng pagtukoy sa sanhi at bunga.<br>
Gamitin ang grapikong presentasyon sa pagpapaliwanag.<br>

<br>
2. Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Basahin ang tekstong “Sobrang Paggamit ng Social Media” ni Ainie A. Wuani.
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

**Sobrang Paggamit ng Social Media**
Isinuat ni Ainie A. Wuani

Sapag-unlad ng teknolohiya, lalong lumakas ang paggamit ng mga *social media platforms* tulad ng *Facebook, Instagram,* at *Twitter.* Ang mga tao ay naglalaan ng mahabang oras sa pag-*scroll,* pag-*scroll,* pag-*like* sa mga *online* na aktibidad.

Ang labis na paggamit ng *social media* ay may mga malalim na epekto sa kalusugan ng mga tao. Maaaring makaapekto ito sa mental at emosyonal na kalusugan, tulad ng pagdami ng *anxiety, depression,* at *feeling of isolation.* Dahil sa pagkaadik sa *social media,* maaaring mabawasan ang personal na inteksyon ng mga tao sa kanilang kapuwa, nagdudulat ng hirap sa pagbuo at pagpapanatili ng tunay na ugnayan.

Dahil sa bilis ng impormasyon sa *social media,* madalas na kumakalat ang mga maling impormasyon, pekeng balita, at mga teoryang konspirasyon. Ito ay nagiging sanhi ng kalituhan at kakulangan sa kritikal nap ag-iisip sa mga tao.

Ang pagkalat ng pekeng balita ay maaaring magdulot ng pag-aalinlangan sa katotohanan at sa mga siyentipikong prinsipyo. Maaaring magkaroon ng malawakang impluwnesya ang mga maling impormasyon sa mga isyu tulad ng kalusugan, politika, at iba pa. Nagiging hadlang ito sa tamang pag-unlad ng lipunan.


Sa kabila ng mga positibong aspeto ng *social media,* mahalagang magkaroon ng tamang balanse sa paggamit nito upang maiwasan ang mga negatibong epekto nito sa kalusugan, ugnayan ng mga tao, at pagtanggap ng wastong impormasyon.

**i-PROSESO Mo!**

1. Ano ang paksa ng akdang binasa?
2. Ano ang dahilan ng pagkalat ng hindi totoong balita o *fake news*?
3. Magbigay ng mga epekto ng paggamit ng *social media.* Patunayan.
4. Ano ang dapat gawin upang maiwasan ang negatibong epekto ng *social media* sa buhay ng tao?

**Gawain:** I-fish Bone Mo!

Panuto: Gamit ang grapikong FISH BONE, itala ang SANHI at BUNGA sa tekstong "Sobrang Paggamit ng Social Media".




3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

Talakayin:

**Sanhi at Bunga**

Ipabasa ang sumusunod na teksto.

Kahalagahan ng Pagtatanim

Lubhang napakahalaga ng pagtatanim ng gulay lalo higit sa mga may bakuran. Magiging masagana at masustansiya ang pagkain ng buong mag-anak.

Dahil sa malaking bakuran, makapagtatanim ng mga gulay Dagdag pa rito, ang mag-anak ay makapag-iimpok dahil nakatitipid ng perang pambili ng gulay.

Sa malawak na taniman, makatutulong ang paggulayan sa pamayanan upang hindi tumaas ang presyo ng gulay.

Samantala kung gagawing negosyong gulayan, makapagluluwas ng mga gulay na bibilhin/papakyawin sa kanila ng maggugulay na nasa mga palengke o tindahan. Lumalaki ang kita dahil sa mga pag-angkat ng mga gulay.

**Talakayin ang sumusunod na tanong:**

1. Tungkol saan ang tekstong binasa?
2. Sa paanong paraan pinalawak ng may akda ang impormasyon sa binasang teksto?
3. Saang bahagi matatagpuan ang SANHI? Ang BUNGA?
4. Ano ang ugnayan ng sanhi at bunga sa isang teksto?

**Pangkatang Gawain:**


Pangkat 1: Suriin ang simula, gitna at wakas ng akda

Pangkat 2: Suriin ang paraan ng may-akda sa pagpapalawak ng teksto.
Pangkat 3: Suriin ang paksa ng tekstong binasa.

**IKATLONG ARAW**
**Kaugnay na Paksa 2:** Tekstong Biswal

**Pagproseso ng Pag-unawa**

Tingnan Mo!
A. Panuto: Suriin ang larawan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.




Ang pagbuo ng teksto na may sanhi at bunga ay mahalaga upang maipakita ang koneksyon ng mga pangyayari at kung paano ito nagdudulot ng mga epekto. Narito ang pangunahing istruktura ng isang teksto na may sanhi at bunga:

**1. Panimula: Introduksyon sa Sanhi**

Maaring simulan ang teksto sa pagsusuri o paglalarawan ng sanhi ng isang tiyak na pangyayari. Ito ay naglalayong ipakilala sa mga mambabasa kung ano ang naging simula ng mga epekto.

1. **Sanhi: Pagpapaliwanag ng Pangyayari**

Ipaliwanag nang detalyado ang sanhi ng pangyayari o situwasyon. Ito ay ang root o ugat ng mga epekto.

2. **Bunga: Paglalahad ng Epekto**

Ipakita ang mga resulta o epekto ng nasabing sanhi. Maaring ito ay positibo o negatibo na epekto.

3. **Sanhi: Paglalagom ng mga Kadahilanan**

Maaring magbigay pa ng mga detalye ukol sa mga kadahilanan ng sanhi upang mas maunawaan ng mambabasa ang koneksyon nito sa mga epekto.

4. **Bunga: Pagsusuri sa Malalim na Epekto**

Ipinapakita ang mas detalyadong pagsusuri sa mga epekto, kung paano ito nakakaapekto sa iba't ibang aspeto ng buhay o lipunan.

5. **Sanhi: Pagtukoy ng mga Ugnayang Sanhi**

Maaring ito'y pagtukoy sa iba't ibang ugnayang sanhi na nagdulot ng pangyayari o kaganapan.

6. **Bunga: Pagsusuri sa Pangmatagalang Epekto**

Inilalatag ang pangmatagalang epekto ng pangyayari. Ipinapakita kung paano ito nag-aambag sa pang-araw-araw na buhay o kinabukasan.

Mga Tanong

1. Ano ang ibig sabihin ng mga larawan?
2. Ilahad ang nakitang pagkakaiba.

**Pinatnubayang Pagsasanay**

Suriin ang mga larawan sa pamamagitan ng pagtukoy sa SANHI AT BUNGA.

LARAWAN A






LARAWAN B



SANHI BUNGA



SANHI BUNGA

**Mga Tanong:**

1. Ano ang iyong napapansin sa larawan?
2. Sa inyong palagay ano ang epekto nito sa mga nakakita nito?

Tekstong Biswal

Magbigay ng rubriks bago ang gawain at seguruduhing makapagbigay ng feedback ang guro pagkatapos ng gawain.


| PAMANTAYAN | (5) | (3) | (1) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mga datos na inilahad ay nagpapakita ng angkop na detalye. | May mga datos/gawain na hindi gaanong nagpapakita ng kaangkupan. | Lahat ng inilahad ay higit na nangangailangan ng kaangkupan sa gawain. |
| Kalinawan ng presentasyon | Napakahusay ng ginawang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Hindi malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. |
| Kooperasyon | Lahat ng miyembro ng pangkat ay may pagkakaisa ay maayos ang ipinakitang presentasyon. | Dalawa sa miyembro ng pangkat ay hindi maayos na nakiisa. | Hindi maayos ang presentasyon dahil sa hindi nakita ang pagtutulungan ng bawat miyembro. |
| Kabuoan | | | |

- Mahalagang kagamitan sa sulating teknikal ang mga Biswal na element na kinakailangan ng mga pigura, dayagram, drowing, ilustrasyon, grap, tsart, iskematik, mapa, litrato at talahanayan.

**Paglalapat at Pag-uugnay**

Simbolo, Ipaliwanag Mo!

Panuto: Ilahad ang ibig sabihin ng mga larawan. Pagkatapos, tukuyin ang SANHI AT BUNGA nito sa pagsagot sa mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




1. Ano ang gagawin kung nakita mo ang mga larawan?
2. Paano nakatutulong ang mga larawan na ito sa katulad mong mag-aaral?

Punan ang tsart batay sa nagawang talakayan sa tungkol sa tekstong Biswal.

| **Elemento ng Tekstong Biswal** | **Ginawang pagsusuri** |
|---|---|
| Esteryotipo | |
| Kasarian | |
| Edad | |

Gawing kawili-wili ang talakayan.

Maaaring magdagdag ang guro tungkol sa kahalagahan at gamit ng tekstong Biswal.

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**

- **Isagawa ang sumusunod.**
- Ipangkat ang klase sa tatlo.
- Magpabuo mula sa pagpipiliang paksa ng isang imahe/ larawang diwa batay sa mga pangyayari/ naganap sa ating bansa.

Rubrik sa gawain

- Gamiting gabay ang rubrik sa pagsasagawa ng Gawain.
- Ipaulat sa klase sa loob ng 3 minuto.

**Mga Pagpipiliang Paksa**

- Idinulot ng Pandemyang COVID 19 sa Akin
- Mga Paraan ng Pagkatuto/ Pag-aaral
- Ako Bilang Pilipino

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Kompletuhin Mo!

Panuto: Kumpletuhin ang talata sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel o kuwaderno.

Ang sanhi ay ang __________ at ang bunga naman ay tumatakay sa ______________ mahalagang pag-aralan ito dahil

Magiging responsible na ako sa mga ginagawa ko dahil ______________________________________________________.

| PAMANTAYAN | (5) | (3) | (1) |
| --- | --- | --- | --- |
| Nilalaman | Ang mga datos na inilahad ay nagpapakita ng angkop na detalye. | May mga datos/gawain na hindi gaanong nagpapakita ng kaangkupan. | Lahat ng inilahad ay higit na nangangailangan ng kaangkupan sa gawain. |
| Kalinawan ng presentasyon | Napakahusay ng ginawang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Hindi malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. |
| Kooperasyon | Lahat ng miyembro ng pangkat ay may pagkakaisa ay maayos ang ipinakitang presentasyon. | Dalawa sa miyembro ng pangkat ay hindi maayos na nakiisa. | Hindi maayos ang presentasyon dahil sa hindi nakita ang pagtutulungan ng bawat miyembro. |
| Kabuoan | | | |

- Magbibigay ng fidbak kung kinakailangan sa isinagawang pag-uulat.

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>A. PANUTO: Basahin at unawain teksto. Pagkatapos, isulat sa sagutang papel o kuwaderno ang sanhi at bunga na mababasa sa teksto. | |

**KALSADA'Y 'DI BIRO**

Ainie A. Wuani

Ang aksidente sa kalsada ay isa sa mabigat na isyu sa ating lipunan. Maraming sanhi na nagdudulot ng mga aksidente sa kalsada. Ito ay may malalim na bunga sa buhay ng mga tao at sa ekonomiya ng bansa.

Isa sa mga pangunahing sanhi ng mga aksidente sa kalsada ay ang kawalan ng disiplina ng mga motorista. Madalas na lumalabag sa mga batas trapiko, tulad ng *overspeeding,* pagtawid sa hindi tamang lugar, at pagmamaneho habang lasing. Dahil dito, maraming buhay ang nawawala at ang iba ay nasasaktan.

Bunga ng mga aksidente sa kalsada, maraming pamilya ang nawawalan ng mahal sa buhay. Maaaring magdulot ito ng matinding kalungkutan, depresyon, at pag-aalala sa mga naiwan. Bukod pa rito, nagkakaroon ng epekto sa ekonomiya ng bansa dahil sa gastusin sa pagpapagamot at rehabilasyon ng mga biktima. Ang pagkakaroon ng aksidente at maaaring magdulot ng pagkawala ng hanapbuhay at kita ng mga biktima, na nagdudulot ng dagdag na pasanin sa mga pamilya.

Upang labanan ang problemanf ito, mahalaga na magkaroon ng masusing edukasyon at kampanya ukol sa road safety. Dapat ding mahigpit na ipatupad ang mga batas trapiko at mapanagot ang mga lumalabag dito. Sa ganitong paraan, maaaring mabawasan ang bilang ng aksidente sa kalsada at sa ating lipunan.

Sa kabuoan, mahalaga ang pag-unawa sa mga sanhi at bunga ng mga aksidente sa

| Sanhi | Bunga |
|---|---|
| **1** | |
| **2** | |
| **3** | |

| | |
|---|---|
| **4** | |
| **5** | |

B. Panuto: Bumuo ng imahe o larawan batay sa mga pangyayari na binanggit sa teksto. Gamiting gabay ang Rubrik sa Pagbuo ng Imahe.


**Rubrik sa Pagbuo ng Imahe**

| PAMANTAYAN | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| Pagkakabuo | Nakabuo ng isang imahe o larawan batay sa pangyayari sa teksto. | Nakagawa ngunit hindi natapos ang imahe o larawan batay sa pangyayari sa teksto. | Draft lamang ang nagawa. |
| Originalidad | Sariling likha ang mga imahe na ginawa. | May kapareho ang ginawang imahe. | Ginaya o may pinagkopyahan ang imahe na ginawa. |
| Kaugnayan sa Paksa | Nakuha ang imahe sa paksa ng mga pangyayari sa teksto. | Malapit sa paksa ang imahe ng mga pangyayaring sa teksto | Malayo sa paksa ang imahe sa mga pangyayari sa teksto. |
| Kabuoan | | | |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

**I-komiks Strip Mo!**

Panuto: Suriin ang komiks strip tungkol sa BAKUNA KONTRA COVID 19 sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.



<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">Sagutin ang mga tanong pagkatapos. Isulat sa kuwaderno o papel.<br><br>- Tungkol saan ang komiks strip?<br>- Batay sa larawan, magbigay ng SANHI at BUNGA.<br>- Bilang mag-aaral, paano makatutulong ang ganitong uri ng materyal sa pag-unawa ng nagaganap sa paligid?</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |